

Mga Anestetiko – mga panganib at epekto Panginginig

Tungkol sa polyeto na ito

Itong polyeto ay tungkol sa **panginginig pagkatapos ng anestetiko**. Isa itong karamdaman na maaari mong maranasan kung mayroon kang pangkalahatan o rehiyong anestetiko. Ipinapaliwanag nito ang mga sanhi ng panginginig at kung ano ang maaaring gawin tungkol dito.


Maaari mong basahin ang mga iba pang detalye tungkol sa mga panganib na nauugnay sa anesthesia sa aming website, na maaari mong basahin sa iba't ibang wika dito: www.rcoa.ac.uk/patientinfo/translations#languages.

Ano ang nanginginig?

- Ang panginginig ay ang natural na tugon ng katawan sa pakiramdam ng lamig. Upang mapanatiling mainit ang mga kalamnan sa katawan ay nagkontrata at mabilis na makapagpahinga, na nagiging sanhi ng panginginig.
- Ang panginginig pagkatapos ng operasyon ay maaaring hindi komportable, ngunit hindi mapanganib at kadalasang humihinto sa loob ng 20–30 minuto.
- Ang panginginig ay nagiging sanhi ng iyong katawan na nangangailangan ng mas maraming oksiheno. Maaaring kailanganin mo ng karagdagang oksihino sa pamamagitan ng maskara.

Gaano ang posibilidad na mangyari ito?

Sa bawat 100 tao



Mga 15 ang ginawa

Mga 85 ang hindi

Ang mga numerong ito ay mula sa mga pag-aaral sa pananaliksik. Makikita mo kung saan namin nakuha ang aming mga numero sa aming website:

www.rcoa.ac.uk/patientinfo/risks/evidence.

Ano ang nagiging sanhi ng pangininginig pagkatapos ng anestetiko?

- Maaaring malamig ang mga silid pag-oopera. Sa panahon ng operasyon, ang mga bahagi ng iyong katawan ay malalantad sa malamig na hangin at ang iyong temperatura ay maaaring bumaba.
- Minsan ang mga gamot pang-anestetiko at gas ay nakakaapekto sa mga senyas sa katawan na kumokontrol sa iyong temperatura.
- Maaaring mangyari ang pangininginig pagkatapos ng pangkalahatang anestetiko, ngunit pagkatapos din ng mga rehiyong anestetiko (epidural o spinal).

Ano ang magagawa ng pangkat ng pangangalagang pangkalusugan?

Palaging kasama mo ang isang nars sa silid ng paggaling pagkatapos ng operasyon. Susuriin nila ang iyong temperatura at bibigyan ka ng mainit na kumot o mainit na inumin.

Kung hindi ito makakatulong, maaaring bigyan ka ng koponan ng alinman sa mga gamot para magpainit sa iyo o magpainit ng mga likido sa pamamagitan ng isang ugat.

Ano ang magagawa ko sa aking sarili?

Subukang manatiling mainit hangga't maaari habang naghihintay kang pumunta sa silid ng operasyon. Kung ikaw ay mainit-init bago ang operasyon, mas malamang na hindi ka makaramdam ng lamig pagkatapos.

Sabihin sa mga nars kung nilalamig ka at maaari ka nilang bigyan ng mga kumot.

Maaari kang magdala ng maiinit na damit at tsinelas sa ospital mula sa bahay.

Magandang malaman

Kung nagkaroon ka ng pangininginig pagkatapos ng anestetiko, hindi ito nangangahulugan na mas malamang na maranasan mo itong muli kung mayroon kang isa pang anestetiko sa hinaharap.

Disclaimer

Sinisikap naming mapanatiling tama at napapanahon ang impormasyon sa polyetong ito, ngunit hindi namin ito magagarantiya. Hindi namin inaasahan na masasakop ng pangkalahatang impormasyon na ito ang lahat ng mga katanungan na maaaring mayroon ka o na matugunan nito ang lahat ng maaaring mahalaga para sa iyo. Dapat ninyong pag-usapan ng iyong mga doktor ang mga desisyon at anumang alalahanin na mayroon ka, gamit ang polyetong ito bilang gabay. Ang leaflet na ito kung mag-isa ay hindi dapat ituring na payo. Hindi ito maaaring gamitin para sa anumang layuning pangkomersiyo o pangnegosyo. Para mabasa ang buong paunawa, pakitingnan ang:

(www.rcoa.ac.uk/patient-information/translations/tagalog).

Gawa ang lahat ng pagsasalin ng komunidad ng mga tagasalin ng Translators Without Borders. Sinusuri ang kalidad ng mga pagsasalang ito para masigurong hangga't maaari ay tama ang mga salin, ngunit maaaring magkaroon ng mga hindi tamang salin at maling pagpapakahulugan sa ilang impormasyon.

Sabihin sa amin kung ano ang iniisip mo

Tumatanggap kami ng mga mungkahi upang pagandahin ang leaflet na ito.

Kung mayroon kang anumang mga puna na nais mong sabihin, mangyaring i-email ang mga ito sa: patientinformation@rcoa.ac.uk

Royal College of Anaesthetists

Churchill House, 35 Red Lion Square, London WC1R 4SG

www.rcoa.ac.uk

Ikaanim na Edisyon, Nobyembre 2024

Rerepasuhin ang polyeto na ito sa loob ng tatlong taon mula sa petsa ng paglalathala.

© 2024 Royal College of Anaesthetists

Maaaring kopyahin ang polyeto na ito para sa layunin ng paggawa ng materyal ng impormasyon para sa pasyente. Mangyaring sipiin ang orihinal na akdang ito. Kung may bahagi ng polyeto na nais mong gamitin sa ibang publikasyon, dapat na magbigay ng angkop na pagkilala at alisin ang mga logo, branding, larawan at icon. Para sa higit pang impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa amin.